

## **SEKSYON 4 – MGA BENEPISYO AT SERBISYO**

---

### **MGA BENEPISYO NG MEDI-CAL NA SINASAKLAW NG ALAMEDA ALLIANCE FOR HEALTH**

#### **Mga outpatient (ambulatory) na serbisyo**

Ang Programa para sa Pansamantalang Pagpapalawig sa Pangangalaga Pagkatapos ng Pagbubuntis (Provisional Postpartum Care Extension Program) ay pinalitan na ng bagong Programa para sa Pagpapalawig sa Pangangalaga Pagkatapos ng Pagbubuntis.

#### **Ang Programa para sa Pagpapalawig sa Pangangalaga Pagkatapos ng Pagbubuntis**

Ang Programa para sa Pagpapalawig sa Pangangalaga Pagkatapos ng Pagbubuntis ay nagbibigay ng pinalawig na saklaw para sa mga miyembro ng Medi-Cal sa panahon at pagkatapos ng pagbubuntis.

Sa Programa para sa Pagpapalawig sa Pangangalaga Pagkatapos ng Pagbubuntis, pinapalawig ang saklaw ng Alliance nang hanggang 12 buwan pagkatapos ng pagbubuntis, anuman ang kita, citizenship, o status sa immigration ng indibidwal, at walang kinakailangang karagdagang pagkilos.

#### **Rapid Whole Genome Sequencing**

Ang Rapid Whole Genome Sequencing (rWGS), pati ang individual sequencing, trio sequencing para sa isang magulang o mga magulang at kanilang sanggol, at ultra-rapid sequencing ay isang sinasaklaw na benepisyo para sa sinumang miyembro ng Medi-Cal na may edad na isang (1) taon pababa at nakakatanggap ng mga inpatient na serbisyo sa ospital sa isang intensive care unit. Ang rWGS ay isang nakikilala pa lang na paraan ng pag-diagnose ng mga kundisyon nang nasa oras para maapektuhan ang pangangalaga sa intensive care unit (ICU) ng mga batang may edad na isang (1) taon pababa. Kung kwalipikado ang iyong anak para sa Mga Serbisyo sa Mga Bata ng California (California Children's Services, CCS), posibleng saklawin ng CCS ang pananatili sa ospital at rWGS.